



Buong Teksto

ANG MADALDAL NA PAGONG

Ibinahagi ng Tagapayo ng Hari sa Hari ng Benares Brahmadata ang ukol sa Madaldal na Pagong, at ang kaikibat na panganib ng pagiging masyadong madaldal. Ano kaya ang nangyari sa Pagong na hindi matikom ang bibig?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang Madaldal na Pagong” isinalin sa Filipino ni Mark Benedict F. Lim at babasahin satin ni Glenda C. Oris.

Noong unang panahon na Hari ng Benares si Brahmadata, isinilang sa isa sa mga korte ng hari ang Bodhisatta, kaya lumaki at naging tagapayo ito ng hari hinggil sa lahat ng nauukol sa pagiging tao at banal. Ngunit labis na madaldal ang Haring ito na kapag nagsasalita, walang sinuman ang makasingit. At ang Bodhisatta, sa hangad na mapahinto ang gayong kadalalan, ay matiyagang naghintay ng pagkakataon.

Samantala, may naninirahang pagong sa isang partikular na sapa sa rehiyon ng Himalaya. Dalawang ilahas na gansa, na naghahanap ng pagkain, ang nakipagkilala sa kaniya, at paglaon, naging matalik silang magkakaibigan.

Isang araw, anang dalawa sa kaniya: “Kaibigang Pagong, may magandang tahanan kami sa Himalaya, sa talampas ng Bundok Cittakuta, sa loob ng kuwebang puno ng ginto! Gugustuhin mo kayâng sumâma sa amin?”

“Aba,” wika niya, “paano ako makararating doon?”

“Ay, isasama ka lang namin kung kâya mong itikom ang bibig mo at wala kang sasabihin ni ano sa kahit na sino.”

“Oo naman, kâyang-kâya,” sabi niya. “Isama ninyo ako!”

Kayâ ipinakagat nila sa pagong ang isang patpat, at habang tangan-tangan nila ang magkabilang dulo nito, lumipad na sila sa himpapawid.

Natanaw ito ng mga bata sa nayon, at napabulalas: “May dalawang gansang may buhat-buhat na pagong at patpat ang kanilang gamit!”

(Nang mga oras na iyon, nakarating na ang mga gansang kay bilis ng lipad sa papawirin sa ibabaw ng palasyo ng Hari sa Benares.)

Gustong isigaw ng Pagong: “Aba’y kung binubuhat nga ako ng mga kaibigan ko, ano ba naman iyon sa inyo, mga duwag?” At kaya napabitiw siya sa pagkakakagat sa patpat, at nahati sa dalawa ang kaniyang katawan nang mahulog sa patyo ng palasyo.

Anong kaguluhan ang naganap! “May nahulog na pagong sa patyo at nahati sa dalawa!” sigaw nila.

Kasama ang Bodhisatta at ang buong korte niya, nagsadya ang Hari sa lugar, at nang makita ang pagong, tinanong niya ang Bodhisatta, “Ginoong marunong, ano ang sanhi ng pagkahulog ng nilalang na iyan?”

“Ito na ang pagkakataon!” naisip niya. “Kay tagal ko nang hangad na pagsabihan ang Hari, at hinanap ko nang hinanap ang tamang pagkakataon. Walang dudang ganito ang nangyari: Naging magkakaibigan ang pagong at ang mga gansa. Binalak marahil ng mga gansa na dalhin siya sa Himalaya, kayâ pinakagat ito sa patpat, at binuhat sa himpapawid. Pagkatapos, may narinig siguro siyang patutsada, at tutugon sana, at dahil hindi niya nakayanang magtikom ng bibig, nakabitiw siya, kayâ nahulog mula sa himpapawid at namatay.”

Gayon ang inisip niya, at tumugon siya sa Hari: “Kamahalan, sadyang ang mahahaba ang dila na walang habas sa pagsasalita ay humahantong sa ganitong sawing kapalaran.”

At winika niya ang sumusunod na berso:

Ang ibig ng pagong, magwikang malakas
Kahit na sa bibig, may kagat na patpat;
At kahit na gayon, bibig niya’y bumukas,
Sa pagsasalita, siya ay bumagsak.

Kayâ po tandaan, aming Panginoon,
Magwikang may dunong at nasa panahon;
Sa kamatayan niya’y nahulog ang pagong,
Sobrang daldal niya. Iyon po ang rason.

“Ako ang pinatutungkulan niya!” naisip ng Hari, at tinanong niya ang Bodhisatta kung gayon nga.

“Kayo man po, Dakilang Hari, o sino pa man,” tugon nito, “ang sinumang nagsasalita nang labis sa nararapat, ang kinasasapitan ay ganito kasamâng palad.” At naihayag na niya ang dapat maihayag. Mula noon, umiwas na ang Hari sa pagdaldal at naging isang táong biláng na biláng ang pananalita.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Ang Haring Matsing	Ang Nagbabanal-banalan
Ang Nagsasayaw na Paboreal	Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Madaldal na Pagong	Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang mga Nakakita sa Punong Judas	Ang Puso ng Matsing
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon	Ang Ginintuang Gansa
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan	‘Uling’ ni Impo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Estelle Marie M. Ladrido, PhD Ricardo G Abad, PhD	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Senanda Gomez	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>

Jethro Nibaten
Adriane Ungriano
Duane Ligot
Rey Sotto
Justine Ray Santos

Sound Design and Technical Team

Noriel Mendoza
Vanessa Reventar

Logistical Support

Fran Alvarez

Illustrator

Lazir Caluya
Vanessa Reventar

Brand Developers

Dreamlist Digital

Web developers

Embassy of India in Manila, Philippines

Shambhu S. Kumaran

Ambassador of India to the Philippines

Vishwanjali M Gaikwad

Second Secretary (Press, Information, and Culture)

Michael James Mangaring

Assistant

Ateneo de Manila University Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino

Michael M Coroza, PhD
Mark Benedict F Lim
Claudette M Ulit, PhD

Translators

Michael M Coroza, PhD

Translation Editor

Anna Trisha Monica O Abeleda
Ariel A Diccion
Jomar I Empaynado
Carlota B Francisco
John Carlo S Gloria
Sharmaine V Hernandez
Yolando B Jamendang, Jr
Glenda C Oris
Jerry C Respeto, PhD

Readers

Corazon L Santos, PhD
Jethro Niño P Tenorio
Andrea Anne I Trinidad